Category: Maikiling Kuwentong Pambata

Division: Filipino

# Ang Hiling sa Punso

Reyna ng mga kuwento ang nanay ko. Sindami ng kaniyang mga kuwento ang mga hiling ko sa tuwing Pasko at kaarawan ko. Lagi akong nagpapatalon sa pananabik sa tuwing sasabihin na niya ang simula-- "noong araw..." At bibitbitin ko ang mga kuwentong ito hanggang sa eskuwelahan. Kahit nasa klase na ako lumilipad ang isip ko. Madalas hindi ko mapigilan ang magkuwento sa mga kaklase ko. Kay nanay nagmula ang mga kuwento pero dagdag kong sangkap ang hiwaga. Kapag nagsimula na ako sa pagkukuwento, paliligiran na nila ako. Nanlalaki at namimilog ang kanilang mga mata sa tuwing may kamangha-mangha silang naririnig sa kuwento ko at napapasigaw sa takot sa mga kuwentong tungkol sa aswang, multo, higante, tikbalang at kapre kahit na umaga naman.

Lahat sila, maliban sa isa kong kaklase, ang kahit kailan ay hindi nakiumpok para pakinggan ang mga kuwento ko. Siya ang pinakamaganda kong kaklase na sa tuwing tinitingnan ko ay parang daig pa ang ganda ng inimadyin kong diwata mula sa isa sa mga kuwento ng nanay ko. Titingnan lang niya ako, pairap subalit kay ganda pa ring pagmasdan. Pagkatapos maglalakad siyang papalayo nang buong hinhin. Para siyang diwatang lumulutang sa hangin! Pinapangarap kong maging matalik ko siyang kaibigan. Si Sofia—ang kaklase kong walang kapantay ang ganda, nagmula sa maykayang pamilya, at sikat sa eskuwela. Kapag nangyaring nagkainteres siya sa kuwento ko, maririnig ko rin ang kaniyang matunog na palakpak at masisilayan ang pag-umbok ng kaniyang pisngi kasabay ng paglitaw ng mga ngiping senyales ng kaniyang pagkatuwa. Bukod doon, maghapon kaming magkakasama at malamang makatitikim

ako ng baon niyang pagkaing sa tingin pa lamang ay kay sarap na! O kaya naman mahahawakan ko ang mga pinakabago at magaganda niyang laruan, gadyet, at abubot na lagi naming pinagkakaguluhan at kinaiinggitan! Pero hanggang ngayon, hindi pa rin ito nangyayari dahil lagi niyang nginungusuan ang mga kuwento ko kaya lagi na lang siyang kasama ng mga katulad din niyang sikat sa aming eskuwelahan-- ‘yung pinakamatalino sa aming klase, si Lia o kaya sina Juris at Dianne, ang pinakamagagaling sa mga larong taguan, agaw-panyo, at piko.

Kaya lagi akong nag-aabang sa kuwento ng nanay ko. Nag-aabang sa bago at kakaiba niyang kuwento.

Isang araw pag-uwi ko, sinalubong ako ng maliit na boses ni Nanay. May nag-iba. Parang may natatanging kababalaghang nalikha ang nagbago niyang boses.

“Hindi ikaw ang nanay ko!” sigaw ko.

“Ako ito, Mars! Hihihi,” sambit ng nanay.

Ipinagpatuloy ni Nanay ang kaniyang kuwento at pagganap sa tauhang iyon na may munting tinig. Punong-puno ng kulay ang kaniyang kuwento. Buhay na buhay! Kamangha-mangha ang mundo sa kuwento niyang ito. Dali-dali kong ginaya si Nanay. Maliit na maliit ang boses, sinliit ng boses ng langgam (kung may boses man ang mga ito). Nataranta ako sa sobrang saya. Gusto ko rin iyong ikuwento kaagad.

Isa lang ang naisip kong pagkukuwentuhan ng bago kong kuwento. “Para kay Sofia lang ito,” sabi ko sa sarili. Isang kamangha-manghang kuwentong ako lang, “Ang Prinsesa ng mga Kuwento” (ako yata ang anak ng Reyna ng mga Kuwento!) ang makapagkukuwento. Pagdating ko sa klasrum, Math ang sabjek. Agad akong nakisiksik kina Sofia at Lia.

“Ano ba Mars! Alis ka nga dyan!” Hindi ka naman marunong mag-*divide* eh,” sabi kaagad ni Lia.

“Kaya ko rin ‘yan,” sabi ko.

“Talaga? E paanong mangyayari ‘yun, sobrang baba ng puntos mo sa huling *quiz* natin sa *division*!” nakangusong sabi ni Lia.

Nakita kong napahagikgik si Sofia.

“Sige, d’yan na nga kayo!” sigaw ko. “Hindi matutupad ang mga hiling n’yo.” Sa pagsasabi nu’n, niliitan ko ang boses ko. Alam kong iniwan ko silang takang-taka. Akala ko ay hahabulin nila ako para magkuwento. Pero hindi pala. Sa klasrum, masama ang tingin sa akin ni Lia. Iniismiran naman ako ni Sofia.

Panay ang tuktok ko ng lapis sa desk ko.

Panay ang kamot ko sa hindi naman nangangating ulo.

Panay ang sipa ko sa paa ng silya ng kaklaseng nasa harapan ko.

Matalim ang tingin sa akin ng aming titser! Nahahalata na niyang hindi ko ginagawa ang *seatwork*. Ang totoo’y hindi ko kayang masagot ang *problem* sa division na pinapasagutan niya:

*“If you have 15 balls and there are 3 baskets, how many balls will you put in each basket so that each basket has the same number of balls?”*

Nililipad ng hangin ang isip ko. Mas nasasabik akong ikuwento ang pinakahuling kuwentong narinig ko kay Nanay. Iyon din kaya ang nararamdaman ni Sofia?

Sa wakas narinig ko rin ang *bell*. Dumating din ang pinakahihintay kong *lunch break*. Tumakbo kaagad ako sa kantina. May baon akong tanghalian—kanin at dalawang pirasong longganisa. May hawak akong kinse pesos na eksaktong pambili ng isang basong juice. Sarap na sarap ako sa mga kendi at tsokolateng nasa isang estante pero wala akong ekstrang perang pambili. Malabong isiping matitikman ko ang tamis ng mga ito!

"Meron ako niyan, gusto mo?" nasa likod ko na pala si Sofia na nag-aalok sa akin ng kaniyang tsokolate. Nataranta ako. Nasa tabi ko ngayon ang mala-diwata kong kaklase. Talagang kay ganda-ganda niya . At narito siya ngayon sa tabi ko na nag-aalok ng kaniyang tsokolate.

"Sige na, kuha ka na," sabi ni Sofia. Hindi ako tumanggi. Dinamihan ko ang dampot ng bilog-bilog na tsokalateng may iba't ibang kulay. Labinlimang minuto na lang at matatapos na ang oras para sa tanghalian namin. Kaunti lang ang mapagkukuwentuhan namin ni Sofia habang kumakain. Pero suwerte pa rin kasi nakasama ko na siya, may libreng tsokolate pa.

"Bakit nag-iba ang boses mo kanina?" tanong sa akin ni Sofia.

"Alam mo ba ang kuwento ng mga nuno sa punso at ang lihim nilang kaharian?" bulong ko sa kanya.

"Ha?" Namilog ang mga mata ni Sofia. Nakita ko ang kaniyang pananabik. "Ikuwento mo naman sa akin!" hiling ni Sofia.

"Sila 'yung mga nakatira sa punso. Iyong parang maliit na bundok na madalas na nasa tabi ng mga puno. Maliliit lang ang mga nuno. Isang dangkal lang ang sukat.

"Mababait kami kapag naging kaibigan pero nakakatakot kapag sinaktan, " sabi ko sa boses na pagkaliit-liit sa pagganap ko bilang ang nuno sa punso.

Nabigla si Sofia. Halatang-halatang hinihintay niya ang mga susunod ko pang sasabihin.

"Sabi ng nanay ko, kapag naging kaibigan mo ang mga nakatirang nuno sa punso iimbitahan ka raw nilang pumunta sa kanilang kaharian. Tapos bibigyan ka ng mga ginto at ibibigay din lahat ng hiling at gusto mo. Pero kapag sinalbahe raw sila magkakaroon ka ng sakit na di kayang gamutin ng kahit sinong pinakamagaling na doktor. Saka sabi din ng nanay ko pinipili lang nila ang kanilang kinakaibigan."

"May punso ba dito sa eskuwelahan? May nuno kayang nakatira? Alam mo ba kung saan?" sunod-sunod na tanong ni Sofia sa akin.

"Riiiiing!" Bell na. Tapos na ang recess namin.

Alam kong lamang si Lia sa akin dahil matalino siya at natutulungan niya si Sofia sa mahihirap na sabjek tulad ng Math at totoo ring malapit sila sa isa't isa, pero dalawa pa rin ang lamang ko sa kaniya. Una, alam kong ako pa rin ang pinakamagaling na magkuwento sa aming klase at pangalawa, pareho ang tagal ng oras ng paghihintay namin ni Sofia sa *school bus* niya at sa serbis kong traysikel sa tuwing uwian. Si Lia kasi pag uwian na sinusundo kaagad ng kaniyang tatay. Kaya, pagkatapos ng nakabitin ko ngayong kuwento kay Sofia, siguradong aabangan niya ako mamaya para hingin ang karugtong ng kuwento ko. Pero alam ko na ang sasabihin ko sa kaniya.

"Bukas na lang. Nandiyan na school bus mo saka 'yung serbis ko."

"Bukas ha," sigaw niya habang papatakbo sa kaniyang school bus.

Kinabukasan, nakita kong magkatabi sina Sofia at Lia. Pero alam kong sabik si Sofia sa aking kuwento.

Maraming aralin ang itinuro sa amin. Walang kahit isang pumasok sa isip ko sa mga itinuro ng titser. “Ang haba ng oras ng mga sabjek,” sabi ko sa sarili.

Tumunog ang bell. Tumakbong papunta sa akin si Sofia at hinila ako sa *quadrangle*. Tuwang-tuwa ako sa pagkakataong ito. Kasama ko ngayon ang gusto kong maging matalik na kaibigan.

“Dali, tuloy mo na ‘yung kuwento,” hinihingal niyang hiling sa akin.

“Naku, mabilis lang ang recess,” sabi ko.

“Okay lang. Pag di natapos, tuloy mo uli mamaya bago tayo umuwi,” pangungulit ni Sofia.

“Halika doon. Nandoon ang punso sa likod ng Lakandiwa Building, sa tabi ng punong mangga,” pasigaw kong sabi kay Sofia.

Maliban sa punso, ang mga hiling at parusa kapag sinira ang punso na ikinuwento ni Nanay, alam kong ako ang taya sa pagkukuwento kay Sofia. Hindi ako makakatakbo ngayon kay Nanay para mapaganda ang kuwento. Ako ang magpapakinang sa kuwentong ito.

“Nakikita mo iyan? Iyang parang maliit na bundok sa tabi ng punong manga? Iyan ang punso.”

“Halika kausapin natin,” sabi ni Sofia.

Lumapit kami sa punso. “Ibulong natin ang ating mga hiling,” sabi ko kay Sofia. Kasabay ng pagpikit ng aming mga mata. Pagkatapos, itinaas-baba ko ang aking mga kamay,

iwinagayway na katulad lang ng nakikita ko sa mga nagpaparada at nagsasayaw sa kalye kapag piyesta.

“Gayahin mo lang ako. Kapag nakita tayo ng mga nuno mula sa punso baka magpakita sila sa atin. Sabi ng nanay ko kapag lumakas ang hangin at nalaglag ang mga dahon ng punong mangga senyales daw iyon na nandiyan na sila,” sabi ko kay Sofia.

Tuwang-tuwang sumunod sa akin si Sofia. Masaya kaming nagwawagayway ng aming mga kamay habang lumiligid sa punso. Nakipagsayaw ang hangin sa punong mangga. Nalalaglag na ang ilang dahon. Tumigil si Sofia. Tumitig sa puno. Bago ko pa man masabing “Hintay,” nag-bell na. Tapos na ang maikling oras ng recess.

Inulit-ulit namin ang pagbabantay sa punso at pagbulong ng aming hiling tuwing recess at uwian kasama ng aming hagikgikan at kuwentuhan tungkol sa iba’t ibang bagay. Masarap makasama ang mala-diwata sa gandang kaibigan. Ngayon, hindi lang ako magaling magkuwento, kaibigan ko na rin ang isa sa mga sikat sa eskuwelahan. Kalaro at kasabay niya sa pagkain sa kantina.

Takang-taka si Lia sa tuwing recess na nawawala kaming bigla ni Sofia sa klasrum.

Naging tagpuan namin ni Sofia ang punso sa tabi ng punong mangga. Nagbabantay sa mahal naming punso kasabay ng paghihintay sa ihip ng mas malakas na hangin at pagkalaglag ng mas maraming dahon; sa magpapakitang nuno sa amin para magkatotoo ang marami naming gusto at hiling. Masayang-masaya ako. Ako na nga ang matalik niyang kaibigan.

Isang gabi, ibinalitang walang pasok sa susunod na araw dahil sa bagyong Celing. Nagtagal ito ng tatlong araw. Habang masaya ang marami kong kaklase, lungkot na lungkot naman ako dahil tatlong araw kaming hindi magkikita ni Sofia.

Sa tatlong araw na iyon, paminsan-minsan ay tumatawag si Sofia para magkuwento ng kaniyang iba't ibang ginagawa. Habang ako naman, araw-araw ay nakatanaw sa bintana at tinitingnan kung magiging maganda na ang panahon.

Sa wakas, inanunsiyo na may pasok nang muli. Nagkita kami ni Sofia pero punong-puno ng kuwento ang lahat ng kaklase ko pati na si Sofia. Hindi kami nakapunta sa punso noong recess. Hinintay kong matapos ang klase.

"Takbo, bilis!" sigaw ko kay Sofia.

"Tumatakbo na nga eh!" pahiyaw na tugon ni Sofia.

Hindi ko na maawat ang sarili ko na balikan uli ang punso, ang paghihintay namin ni Sofia sa pag-ihip ng hangin, sa paglaglag ng mga dahon, sa mga nunong sabi ko sa kaniya ay magpapakita sa amin para ibigay ang gusto nami't hiling. Pinalano ko na ang gagawin namin.Taas- baba, iwawagayway muli namin ang mga kamay habang umiikot sa punso. Pero pagdating namin ay patag na ang punso sa tabi ng punong mangga. Nilinis ang paligid ng puno. Wala na ang punsong bahay ng mga nuno!Umiyak ako. Natakot si Sofia.

"Hindi ba paparusahan ng nuno ang sumira sa bahay niya? Magkakasakit at hindi na gagaling?" pag-aalala ni Sofia.

"Hindi iyon totoo," gusto kong sabihin sa kaniya. Pero mas nauna ang lungkot ko. Nakita ni Sofia ang nawalang saya sa mukha ko.

Wala na ang aming punso. Hinila ko si Sofia.

"Gawa tayo ng bundok. Parang bundok na maliit ang punso. Mabubuo uli ang punso," sabi ko kay Sofia. Hinukay namin ang pinatag na lupa. Pumasok sa mga kuko namin ang lupa. Nadumihan din ang mukha namin. Dumungis ang suot naming uniporme pero hindi pa rin namin maibalik ang dating punso.

"Aray ko!" nagluha ang mata ni Sofia. Napuwing siya ng lupang hinukay namin. Nag-alala ako. Baka hindi maalis ang puwing. Pinadilat ko ang napuwing niyang mata. Hinipan. Sabi ng nanay ko ganoon ang ginagawa para mawala ang puwing.

"Sofia!" sigaw ni Lia. "Kanina ka pa hinahanap ng sundo mo."

Nagtagal pala kami ni Sofia sa paghukay ng lupa, sa pagbuo uli ng punso.

Nagmamadaling tumakbo si Sofia. Hindi ko na nakita kung pinagalitan siya ng drayber ng school bus na sumusundo sa kaniya. Hindi na ako nakapagbabay pa. Maya-maya pa'y sumisigaw na rin si Mang Nono, ang drayber ng serbis kong traysikel. Nanginig ako sa takot. Malakas at parang galit ang boses ni Mang Nono. Hinawakan niya ako sa braso at dinala papunta sa nakaparada niyang traysikel. Nakatingin sa amin ang mga kaeskuwela kong naglalaro pa sa quadrangle. Tahimik akong naupo sa traysikel. Walang imik si Mang Nono. Alam kong nagagalit siya dahil sa pagkahuli ko, nag-*special trip* pa tuloy siya.

"Mars, ano bang ginagawa mo doon?" tanong ni Mang Nono. "Pinag-alala mo ako. Hindi ko alam kung saan kita hahanapin. Anong sasabihin ko sa nanay mo kung hindi kita naiuwi?"matigas niyang sabi.

Nakatungo ako pero hindi na dahil sa takot.  Tinanaw ko ang punong mangga habang papalayo ang traysikel ni Mang Nono. Umihip nang malakas ang hangin. Naglalaglagan ang napakaraming dahon.  Sa buong biyahe papauwi, naiisip ko pa rin ang punso at si Sofia.

Kinabukasan, sa quadrangle nagulat ako. Tumatakbong papalapit sa akin si Sofia! “Mars! Mars! ‘Lika laro tayo. Tingnan mo ‘tong bago kong mga laruan!”

Natupad ang aking hiling! Nawala ang punso pero pinakinggan ang tangi kong gusto at hiling—ang maging matalik na kaibigan si Sofia. Masaya kaming tumakbo ni Sofia habang bitbit ang kaniyang mga bagong laruan.

*****